# Ang Unang Sigaw ng Himagsikan: Isang Pagsusuring aklat sa *The Cry of Balintawak: A Contrived Controversy* ni Soledad Borromeo-Buehler

Jeremiah Julian Montejo
Caloocan Historical and Cultural Studies Association
jjmontejo28@gmail.com

## Abstrak

Isang napakahalagang kaganapan sa ating Kasaysayan ang unang sigaw ng himagsikan na siyang nagbigay ng hudyat sa pagsisimula ng himagsikang Pilipino laban sa mga Kastila na siyang namuno at kumontrol sa Pilipinas bilang isang kolonya sa loob nga mahabang panahon. Kasabay ng pagsisimula ng himagsikan ay ang pagkakatatag ng isang pamahalaang mapanghimagsik na hayagang makikipaglaban sa isang makapangyarihang imperyo upang makamit ang kalayaan ng mga mamayan mula sa mga dayuhang manlulupig. Bagamat maituturing na isang maksaysayang kaganapan ay patuloy na hindi nareresolba ang mga kontrobersya ukol sa kung saan at kailan naganap ang unang sigaw ng himagsikan. Hanggang sa kasalukuyan ay nagtatalo at nagpapalitan ng kuro ang mga mananaliksik at historyador ukol sa isyung ito.

Sinasabing nagsimula ang kontrobersyang ito matapos magbigay ng pahayag si Pio Valenzuela bilang *eyewitness* sa mga kaganapan mula ika-22 hanggang ika-26 Agosto taong 1896 nang magsimulang magpulong sina Andres Bonifacio at mga Katipunero sa pook Kangkong at sa iba pang mga lugar sa Kalookan at Balintawak. Naging mainit itong usapin sa akademya nang isulong ni Teodoro Agoncillo ang ideya ng Sigaw sa Pugad Lawin at ika-23 ng Agosto taong 1896 bilang petsa at lugar ng unang sigaw ng himagsikan na taliwas sa naunang *historical claim* na ito'y naganap noong ika-26 ng Agosto sa Balintawak. Tatalakayin ng papel na ito ang aklat ni Soledad Borromeo Buehler at ang kanyang pananaliksik na naglalayong ipaliwanag na naganap noong ika-26 ng Agosto taong 1896 sa Balintawak ang pinaniniwalaang unang sigaw ng himagsikan at upang pasinungalingan ang kasalukuyang tinatanggap na Unang Sigaw sa Pugad Lawin.

MABINI REVIEW | VOL. XIII (2024): pages 29-50
© 2024 Montejo, J. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

Bagamat ang aklat ni Buehler ang magiging pangunahing batis ng papel na ito ay susubuking palawigin ang pagtalakay sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga punto na may kaugnayan sa paksa ng mga pag-aaral at pananaliksik na isinagawa ng iba pang mga iskolar at propesor na maaring nasa porma ng nakalimbag na babasahin gaya ng aklat at ang ilan naman ay gamit ang mga elektronikong artikulo.ito ay upang mas maging maayos ang gagawing pag-aaral at pag-uulat ukol sa nasabing paksa.

Mga Susing Salita: Katipunan, Balintawak, Pugad-lawin, Kalookan, Himagsikan, Andres Bonifacio, Pio Valenzuela

## ABSTRACT:

The First Cry of the Philippine Revolution is one of the most important event in our nations history, It served as the spark for the beginning of the Filipino uprising against the Spaniards who ruled and controlled the Philippines as a colony for more than 300 years. The start of the revolution is also a mean in the process of establishing a revolutionary government which is dedicated to fight the once powerful Spanish empire in order to achieve the freedom of the people from foreign oppressors. Despite being a significant historical event, controversies regarding when and where the first cry of revolution took place continue to remain unresolved. To this day, researchers and historians continue to debate and exchange views on this issue.

The historical Dispute emerged when Pio Valenzuela provided a statement to general public; coming out as an alleged eyewitness to the events that occurred from August 22 to August 26, 1896 when Andres Bonifacio and the Katipuneros began gathering in the Kangkong area and other places in Caloocan and Balintawak. This issue became a stormy and heated topic in the academic circle particularly from the historians side, when Teodoro Agoncillo proposed the idea of the Cry at Pugad Lawin on August 23, 1896, as the correct date and location of the first cry of the revolution, contradicting the some of the earlier historical claims that it happened on August 26 in Balintawak.

This paper will discuss Soledad Borromeo Buehler's book and her research aimed at examining, corroborating sources to deny and refute the commonly accepted historical fact of the First Cry at Pugad Lawin; Her series of research conducted aimed to prove that the first cry of the revolution actually occurred on August 26, 1896, in Balintawak, aiming to refute the current claim.

In order to expand the discussion of this book review, this article will also be referencing ideas related to this topic from other research conducted by other scholars and academicians, which may be in the form of published works such as books and electronic articles regarding the similar topic being discussed. This is to ensure a comprehensive and detailed analysis and discussion on this book review.

Keywords: Katipunan, Balintawak, Pugad-lawin, Kalookan, Philippine Revolution, Andres Bonifacio, Pio Valenzuela.

## INTRODUKSYON

Noong ika-19 ng Agosto taong 1896 nang mabunyag at malaman ng mga kastila ang pag-iral ng dati ay lihim na samahan ng Katipunan; dahil na rin sa pagsuplong ni Teodoro Patiño sa kanyang kapatid na si Honoria sa kairalan ng samahan ng KKK. Kalaunan ay naipahatid ang impormasyong ito kay Fr. Agustín Fernández na siya namang nagpabatid nito sa mga kastila.Dahil dito'y kaagad hinalughog ng mga kastila ang bahay-limbagan ng pahayagang *Diario de Manila* at doon ay nabunyag ang ilang dokumento na magpapatotoo sa Katipunan matapos nito ay iniutos ni Gobernador Heneral Ramon Blanco ang pagdakip at pagtortyur sa mga kasapi ng Katipunan.Isinagawa ito upang pigilan at supilin ang pag-aalsang ito.Tinawag din ito bilang *Juez de Cuchillo* kung saan daan daang mga Pilipino na pinaghihinalaan bilang kasaspi ng Katipunan ang pinagdadampot at pinatay Ito ang nagdulot ng malaking takot at gulo sa mga lugar sa Pilipinas lalo na sa Maynila.Ngunit sa kabila ng mga hulihang naganap nagawa ng ilang mga Katipunero na takasan ang mga *Guardia Civil.*

Ang pagkabunyag ng samahan at ang pagka-aresto ng ilang mga Katipunero ang dahilan kung bakit nagpatawag ng isang pagpupulong ang Supremo Andres Bonifacio upang planuhin ang susunod na hakbang ng kilusan. Dahil determinado ang mga kastila na lipulin ang kanilang kilusan ay gumamit sila ng mga mapansiil at nakmamatay na mga pamamaraan. Ito ang dahilan kung bakit kinailangan ng mga Katipunero na maging maingat sa kanilang mga kilos. Ito ang dahilan kung bakit sila ay nagpapalipat-lipat ng lugar na

tutuluyan at kung minsan ay nagbibihis ang mga kalalakihan sa damit na pambabae upang maiwasan ang mga *Guardia Civil.*

Isinalarawan ito ng mga aklat sa kasaysayan sa pagkukuwento sa pagtungo ng mga katipunero sa malalawak na mga bukirin at mga parang hanggang makarating sila sa bahay ni Apolonio Samson sa Pook Kangkong sa Kalookan noong ika-22 ng Agosto taong 1896 noong alas dos ng madaling araw upang magsagawa ng mga pagpupulong at noong ika 23 ng Agosto nagtungo ang mga katipunero sa bahay toro sa bakuran ni Juan Ramos at ipinaghanada ng isang handaan ang aabot sa (500) limang daang katipunero ni Melchora Aquino matapos ay mas dumami pa ang nagsidatingan sa kamalig ng *Cabeza* at doon ay napagkasunduang simulan na ang himagsikan sa Maynila sa hatinggabi ng ika 29 ng Agosto.Matapos nito lumabas sa kamalig si Andres Bonifacio at nagbigay ng isang maikling pananalita na nagsasabing "Kalayaan o Kaalipinan,Kabuhayan o Kamatayan".Matapos nito pinunit ang kanilang mga sedula na tanda ng pagkaalipin sa Espanya at doon ay isinigaw nila ang mga *Viva* na mabuhay ang Pilipinas.Ito ay itinuring bilang Unang Sigaw ng himagsikan ito rin ang nagpasimula ng pagsilang ng isang bayan.Ngunit magpahanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin malinaw sa mga historyador kung kailan naganap ang unang sigaw ng himagsikan na siyang naghudyat ng simula ng himagsikan ng mga Pilipino para sa kalayaan mula sa matagal na pagkaalipin mula sa mga Kastila.

## Ang Aklat

Ang unang kabanata ng aklat ay may pamagat na *The Textual Analysis* sa kabanatang ito ay sinubukan ni Buehler na ipaliwanag ang pamamaraan ng pananaliksik na kanyang isinagawa. Sa kabanatang ito din ay nagbigay ng kritika at nagsuri si Buehler ng mga dokumento na may kinalaman sa kanyang paksa. Nagbigay din siya ng kanyang palagay at interpretasyon sa ilang mga batis na kanyang ginamit. Nagbigay siya ng mga suhestiyon at kuro-kuro ukol sa kontrobersya sa unang sigaw ng himagsikan at naglaan ng isang kongklusyon sa huling bahagi ng kabanatang ito.Ang kabanatang ito ay nahahati sa apat na kabanata.

Sa unang bahagi ng unang kabanata na may pamagat na *The Controversy* ay binigyang-pansin at inilahad ang sasaklawing paksa ng kanyang pagtalakay.Inilahad niya sa sa bahaging ito na ang kanyang aklat ay bunga ng kanyang pananaliksik na kanyang isinagawa sa loob ng mahabang panahon.Pinalawig at tinalakay niya sa bahaging ito ang kanyang *Historical Problem* ang salitang *Cry* na sa wikang tagalog at Filipino ay maisasalin bilang sigaw.Idinagdag pa niya na sa kaso ng mga manunulat ay ginagamit ang salitang ito bilang pantukoy sa isang mahalaga at makasaysayang pangyayari sa isang bansa ginagamit din ito upang isalarawan ang simula ng isang mahalagang kaganapan ukol sa pakikibaka ng mga mamayan para sa kalayaan at kung minsan isinasalarawan nito ang simula ng pakikibaka o ang pagpaplano ng mga mamayan ng isang bansa upang makibaka para sa kanilang kalayaan. Ang Pilipinas gaya ng mga bansang nasa kontrol ng mga dayuhan ay isa sa mga bansang nagpasyang mag-aklas laban sa mananakop nito.

Para kay Buehler ang *Cry of Balintawak* ay isang napakahalagang pangyayari sa Kasaysayan ng Pilipinas at maaring maihahalintulad sa mga mahahalagang kaganapan sa mundo gaya ng *French Revolution* at ang pagsalakay sa Bastille sa France, Labanan sa Lexington na siyang nagpasimula sa pakikidigma ng *Thirteen Colonies* sa Estados Unidos upang lumaya sa pagiging kolonya at nasa kontrol ng mga Briton. Maihahalintulad ito sa *Cry of Dolores* sa Mexico noong ika-16 Setyembre 1810, *Cry of Ypiraga* sa Brazil noong ika-7 Setyembre 1822, at *Cry of Matanza* sa Cuba noong ika- 24 February 1895.

Sa bahaging ito din iginiit ni Buehler na ang paghiram at pag-angkop ng mga Pilipinong manunulat at mananaliksik sa salitang kastila na *el grito* (Cry) mula sa mga peryodikong naisulat sa panahon ng himagsikan ang isa sa mga dahilan kung bakit umusbong ang mga isyu at kontrobersya ukol sa kung kalian ang petsa at saan ang eksaktong lugar ng Unang Sigaw ng Himagsikan.Ayon kay Soledad Borromeo Buehler ang pagsasalin ng salitang *el grito* na ipinalagay ng mga Pilipinong manunulat bilang Unang Sigaw imbes na sa mas eksaktong pagsasalin na sigaw.Ito ang dahilan kung bakit maraming mga historyador partikular na ang mga positibista ang nagbigay pansin sa paghahanap sa mismong unang sigaw ng himagsikan.

Sinasabing ang historyador na si Manuel Sastron ang unang tumalakay sa mga *cry* o sigaw na naganap sa Pilipinas noong kasagsagan ng himagsikan.Ito ay kanyang nabanggit sa kanyang aklat na *La Insurreccion en Filipinas* at doon nga ay kanyang sinabi na ang *cry* ang siyang naghudyat ng pagsisimula ng himagsikang ng mga Pilipino laban sa mga kastila.[1] Sa pananaliksik ni Buehler ay kanyang sinabi na ang paggamit ni Sastron ng *El grito de Balintawak* sa kanyang aklat na unang inilimbag noong 1897 upang isalarawan at isalaysay ang pagsisimula ng himagsikan ay isang patunay na kinikilala maging ng mga kastila ang Balintawak bilang eksaktong lokasyon ng unang sigaw ng himagsikan.

Bago pa man magsimula sa pananaliksik si Buehler ay mayroon ng mga historyador na unang nanaliksik at nagsagawa ng mga pag-aaral isa na sa mga iyon ay si Propesor Nicolas Zafra. Sa kanyang artikulong may pamagat na *The Cry of Balintawak as a Historical Problem* ay kanyang tinalakay ang iba't-ibang pananaw, perspektiba, at interpretasyon ng mga Pilipino sa salitang sigaw o *cry* at sa kung paano ito inuugnay sa mga kaganapan sa kasaysayan ng bansa.

May ilang mga manunulat na literal na binigyan ng kahulugan ang salitang *cry* na kung isasalin sa wikang Filpino ay nangangaluhugang sigaw.At sa ating kasaysayan madalas itong iniuugnay sa pahayag o *battlecry* na "Mabuhay ang Kalayaan" na sinasabing literal na isinisigaw ng mga Katipunero sa tuwing magtatapos ang mga talumpati at pagpupulong ng mga Katipunero sa kuweba ng Pamintian at sa tuwing sila ay makikipaglaban sa mga Kastila.Kung kaya't mayroong mga Pilipino na nagsasabing ang unang sigaw ng himagsikan at deklarasyon ng kalayaan ng Pilipinas sa mga manlulupig ay naganap sa Bundok Tapusi sa kuweba ng Pamintian noong mahal na araw ika-10 ng Abril taong 1896 matapos isulat ni Andres Bonifacio sa mga dingding ng kuweba ang mga katagang *Viva la Independencia de Filipinas* o Mabuhay ang kalayaan ng Pilipinas na siyang sinundan ng pagsigaw

[1]Arturo Ma. Misa, *The Story behind the Cry of Balintawak*, (Philippine Free Press, 1956).

ng nasabing kataga [2].Minsan nang nabanggit ni Aurelio Tolentino ang kanyang palagay na ang unang sigaw ng himagsikan ay naganap sa kuweba ng Pamintian kung saan kasama niya sina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Guillermo Masangkay,at iba pang mga Katipunero na nakibahagi sa pagpupulong at sa pagkukuwento sa isang alamat ng mga tagalong ang kuwento ni Bernardo Carpio.

Ayon kay Buehler ang sigaw na ito sa mga kuweba ng Pamintian ay maaring ituring bilang *el primero grito* o unang sigaw ngunit hindi maaring ituring bilang unang sigaw ng himagsikan sapagkat ang Katipunan noong mga panahong iyon ay wala pang pamahalaan at wala pang direktang plano ukol sa hayagan at organisadong himagsikan. Idinagdag pa ni Buehler na ang tradisyunal na interpretasyon ng mga lumahok sa himagsikan noong 1896 sa salitang *cry* ay ang pagpapalitan ng bala ng mga Pilipino at Kastila kung kaya't tinawag ito ng ilan bilang *el primer tiro.*

May mga historyador at manunulat na binibigyan ng pagpapakahulugan ang *Cry* bilang ang unang komprontasyon o *Military skirmish* sa pagitan ng mga Pilipino at mga kastilang *Guardia civil* na siyang nagpasinaya sa pakikipaglaban ng mga Pilipino laban sa mga kastila.Kung saan literal na nagtagumpay ang mga Katipunero sa pamumuno ni Andres Bonifacio laban sa mga puwersang kastila sa pamumuno ni Tinyente Manuel Ros noong ika-25 ng Agosto taong 1896. Ngunit ayon kay Buehler ang *cry* ay tumutukoy sa isang kaganapan na siyang opisyal na nagpasinaya ng pagsisimula ng himagsikan at ito ay naganap nang magkaroon ng sagupaan ang mga Katipunero at mga *Guardia Civil* matapos maalarma ang mga Kastila matapos magkaroon ng pagnanakaw ang mga bandidong *Malhechores* sa mga tindahan ng mga intsik[3].

Kinumpirma naman ni Pio Valenzuela sa kanyang mga testmonya sa *Olive Court* na noong hatinggabi ng ika-25 ng Agosto

[2]Nicolas Zafra, *The Cry of Balintawak as a Historical Problem*, (Historical Bulletin 4, 1978), Pah. 1-14.

[3]Soledad Borromeo-Buehler, *The Cry of Balintawak: A Contrived Controversy*, (Ateneo de Manila University Press, 1998), Pah. 22-25.

1896 ay nagkaroon ng pagkilos ang mga Katipunero sa mga tindahan ng mga intsik kung saan naroon si Andres Bonifacio at si Gregorio Leon Tapalla alyas Laong na namuno ng pagsalakay.At kinabukasan ika-26 ng Agosto ay nagkaroon ng engkwentro ang mga Katipunero at mga Kastilang *Guardia Civil*[4].

Sa mga aklat ni Gregorio Zaide ay kanyang isinaad may iba't-ibang bersyon ang mga katipunero.Sa kanyang aklat ay kanyang inilahad ang mga pahayag ng mga Katipunero ukol sa kanilang palagay kung saan naganap ang unang sigaw ng himagsikan.Para kay Gregoria De Jesus ang dating kabyak ni Andres Bonifacio ay naganap ito noong August 25,1896 sa Pugad Lawin na isang Barrio sa Kalookan,Para naman kina Pio Del Pillar at Sinforo San Pedro ay naganap ito sa San Juan Del Monte ng salakaying ng mga Katipunero ang *Polvorin* ng mga Kastila. Ayon naman kay Guillermo Masangkay naganap ito noong August 26 sa Balintawak kung saan naganap ang pagpupulong at ang unang engkwentro ng mga Kastila at mga Katipunero sa ganap na alas singko ng hapon matapos magbalita ang isang Katipunero tungkol sa mga *Guardia Civil* na papalapit na sa kanilang lokasyon.

Samantalang para sa historyador na si Teodoro Agoncillo ang *cry* ay naganap matapos ang pagpupulong ni Bonfacio at ng mga matataas na opisyal ng Katipunan at nang punitin ang sedula ng mga Katipunero sa bakuran ni Juan Ramos kung saan nasambit nila ang mabuhay ang Pilipinas at ang kataga ni Andres Bonifacio na Kalayaan o Kaalipinan noong ika-23 ng Agosto taong 1896[5].Binigyang interpretasyon ni Agoncillo ang *cry* sa pamamagitan ng pagtukoy nito sa literal na pagsigaw ng mga Katipunero ng mga katagang "Mabuhay ang Pilipinas" at sa pagpunit ng mga Katipunero ng kanilang mga *cedula* na tanda ng kaalpinan sa mga Kastila.Idinagdag pa ni Agoncillo na matapos ng nasabing pagpupunit ng mga *cedula* ay ipinag-utos ni Bonfacio na mag-armas ang mga Pilipino dahil sa ulat ng dalawang

[4]National Historical Institute, *Minutes of the Katipunan*, (National Historical Institute, 1978), Pah.154-157.

[5]Teodoro Agoncillo, *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*, (University of the Philippines Press, 1996), Pah.150-151.

Katipunero na may mga rumorondang *Guardia Civil* na malapit sa kanilang pinagpupulungan.

Sa ikalawang bahagi ng unang kabanata na may pamagat na *Days of August 1896* ay tinalakay ang mga pagpupulong na isinagawa ng mga Katipunero mula ika-22 hanggang ika-26 ng Agosto 1896 mula sa bahay ni Apolonio Samson sa Kangkong hanggang marating nila ang bakuran ni Juan Ramos at ang kanilang pagpapalipat-lipat ng lugar sa Balintawak.May pagkakatulad naman ang pagsasalaysay ni Buehler sa salaysay ni Santiago Alvarez kung saan nagsimula ang pagpupulong sa ganap Gabi ng ika-21 ng Agosto 1896, araw ng biyernes sa bahay ni Vidal Acab sa Kalookan.Nagtungo doon ang mga matataas na pinuno ng Katipunan.Ngunit habang patungo ang mga kasapi ng Katipunan ay nakasalubong nila ang mga Kastilang kabo o *Cuadrilleros.* At maging si Andres Bonfacio ay inusisa ng mga kabo.Ikinagulat ng mga Katipunero ang pagtungo ng mga kabo sa mga mapayapang kabahayan.Kung kaya't napagpasyahan nilang magtungo sa mga lugar na malayo sa munisipalidad ng Kalookan at napagpasyahan nila na magtungo sa Pook Kangkong[6].

Nagtungo sila Kangkong na nagsimula noong hatinggabi. Naglakad sila habang umuulan sa mga mapuputik at mahahabang bukirin.Basang-basa at nanginginig ang kanilang mga katawan.Noong alas-dos ng medaling araw noong ika-22 ng Agosto ay nakarating sila sa bahay ni Apolonio Samson sa Kangkong. Doon ay magiliw silang tinanggap at inasikaso.Binigyan ng damit at pagkain at namahinga. Ngunit dahil sa kaliitan ng lugar ay napagpasyahan nila na lumipat sa mas malalawak na lugar kung saan ay maarng magsagawa ng pangkalahatang pagpupulong ang mga Katipunero.Bago sila umalis ay mayroon ng hindi baba sa tatlong daang katao ang sumama sa pagpupulong dala-dala nila ang kanilang mga sibat,bolo,at balaraw. Mayroon ding iilang mga ripple at maliliit na rebolber at nagbigay din si Apolonio Samson kay Andres Bonifacio ng isang daang bolo (100).Pagal at walang tulog ang supremo at ilang mga Katipunero na nagbabantay

[6]Santiago Alvarez, Paula Carolina Malay, et.al. *The Katipunan and the revolution: memoirs of a general with the Original Tagalog Text*, (Ateneo de Manila University Press, 1992).Pah.17-21.

upang maiwasan ang pananambang at biglaang pag-atake ng mga Kastila.At ang pagtungo sa kamalig ni Tandang sora.Ngunit sinabi ni Alvarez na noong ika-24 ng Agosto ay kanyang nasilayan ang pag-sgaw ng mga anak ng bayan ng kanilang mga *viva* at mula ika-25 hanggang 26 ng Agosto ay nagkaroon ng engkwentro laban sa mga Kastila.

Sinusugan ni Isagani Medina ang pagsaad na umuulan noong nagsimulang tumungo ang mga Katipunero sa Kalookan at gayundin ang paglipat nila sa lugar na tinatawag na Pugad Lawin dahil ito ay mas malawak kaysa sa Kangkong.Ngunit kaniyang sinabi na sa lugar na kung tawagin ay Pugad Lawin ay naganap ang pagpupunitan ng mga *cedula Personal* noong ika-23 ng Agosto at ayon pa sa mga beterano ay maputik sa Pugad Lawin dahil sa walang tigil na ulan[7].

Ngunit kung pagbabatayan ang mga dokumentong tinatawag na *Masangkay Papers* at sa kanyang panayam kay Teodoro Agoncillo ay sinabi ni Guillermo Masangkay na noong ika-24 ng Agosto naganap ang pagpupunit ng mg cedula sa Pook Kangkong.Ngunit sa kanyang panayam sa mga pahayagan at sa kanyang mga talumpati noong 1932 at 1957 ay sinabi niyang naganap ito ng ika-26 ng Agosto.Sa pananaliksik ni Gregorio Zaide ay kanyang sinabi na mayroong koroborasyon ang pahayag ni Vicente Samson kay Guillermo Masangkay na nagsasabing noong ika-26 ng Agosto sa Pook Kangkong naganap ang pagpupunit ng mga *Cedula* at ayon din kay Francisco Carreon sa Pook Kangkong naganap ang pagpunit ng Cedula ngunit hindi niya matandaan kung kalian ito eksaktong naganap[8].

Isa sa problema ng mga historyador na nagnanas na matapos ang isyu ay ang kahirapan sa pag-alaala ng mga beterano ng himagsikan sa kung saan at kalian naganap ang unang sigaw ng himagsikan marahil dahil sa kanilang katandaan at ang ilan ay dahil sa kawalan ng *sense*

[7]Carlos Ronquillo,Isagani Medina. *Ilang talata tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-97*. (University of the Philippines Press, 1996), Pah. 202-209.

[8]Gregorio Zaide, *Documentary Sources in Philppine History Vol. 8*, (National Book Store, 1990), Pah.310-314.

*of time* dahil sa mga kaguluhan na nagaganap idagdaga pa rito ang kanilang mga paghihirapa gaya ng kakulangan ng pahinga at tulog[9].

Sa ikatlong bahagi ng unang kabanata na may pamagat na *The Tale of Pugad Lawin* tinalakay naman ni Soledad Borromeo Buehler ang kanyang tinawag na kathang isip at gawa-gawang kuwento na nilikha ng isang kilala at batikang historyador na si Teodorro Agoncillo na ang Unang Sigaw ng Himagsikan ay naganap noong ika-23 ng Agosto taong 1896 kung saan pinunit ng mga Katipunero ang kanilang mga *cedula*.At ang pagpupunit na ito ng cedula at ang literal na pagsigaw ng mga katipunero ng mga katagang mabuhay ang Pilipinas ang siyang pagpapakahulugan ni Agoncillo sa salitang *Cry* ito ay taliwas sa tradisyunal na pagtingin at pagpapakahulugan sa salitang *Cry*.

Sa bahaging ito iginiit ni Buehler na sadyang binigyan ni Teodoro Agoncillo ng bagong interpretasyon ang salitang *cry* upang suportahan ang mga pahayag na binitiwan at isinulat ni Pio Valenzuela sa kanyang *memoir.*Iginiit niya na mayroong mahinang kredibilidad ang mga pahayag ni Pio Valenzuela sapagkat ito ay madalas niyang binabago.

Pinasunungalingan niya din ang tatlong mga katipunero na isinama ni Teodoro Agoncillo sa pagtukoy sa kasalukuyang kinalalagyan ng Pugad lawin. Iginiit ni Buehler na sina Bricio Brigido Pantas, Cipriano Pacheco at ay umalis sa pagtitipon mga Katipunero ng maganap ang Unang sigaw ng Himagsikan kung kaya't maituturing na kasinungalingan ang mga pahayag nila ukol sa Sigaw sa Pugad Lawin. Bukod pa rito wala ng iba pang mga batis na sumusuporta bilang mga ebidensya ukol sa Sigaw sa Pugad Lawin bukod sa mismong *memoirs* Pio Valenzuela na itinuturing nila bilang *eyewitness* sa nasabing kaganapan. Ngunit kahit na hindi inirerekomenda ni Buehler ang paggamit sa mga dokumento at pahayag ni Pio Valenzuela ay kanya pa rin namang sinabi na ang mga pahayag ni Pio sa *Olive Court* ay maituturing na totoo sapagkat ang kanyang mga pahayag sa korte ay

[9]Michael Charleston Chua, *Balintawak Diaries: Ang mga unang araw ng himagsikan batay sa mga Katipon at historyador*, (August 24, 2015).

sinusuportahan at pinatotohanan ng iba pang mga batis at dokumento na naisulat sa panahong iyon.

Iginiit din ni Buehler na ang mga pahayag nina Pio Valenzuela, Bricio Brigido Pantas at Cipriano Pacheco ay hindi nagkakaugnay at hindi nagpapakta ng isang pahayag.Bukod pa rito ang ilan sa mga Katipunerong ito ay umalis sa Balintawak noong magsimula ang mga huling bahagi ng pagpupulong at ito ay kinumpirma mismo ni Bricio Brgido Pantas.

Sa ikalawang kabanata ng aklat na may pamagat na *The Documents* ay inilagay ni Buehler ang mga batis at dokumento na kanyang pinagbatayan sa pananaliksik.Inilagay niya ang mga transcript ng mga panyam ni Teodoro Agoncillo sa iba pang mga beterano ng himagsikan gaya ni Guillermo Masangkay.Ayon kay Buehler posibleng nagkaroon ng maling interpretasyon si Teodoro Agoncillo mula sa mga na-*transcribe* niyang panayam.Sa kabanatang ito ay pinatunayan ni Buehler ang madalas na binibigyan ng ibang konotasyon at interpretasyon.

Gumamit ng mga mapa na naimprenta si Buehler upang suriin at patunayan na sa Balintawak naganap ang mga pagpupulong na pinangunahan ni Supremo Andres Bonifacio at personal na nasilayan ni Guillermo Masangkay. pagbabatayan ang *croquis de las operaciones practicadas in El Español* ay ipinakita ang mga opensiba at pagkilos ng mga Kastila sa pamumuno ni Tinyente Manuel Ros laban sa mga Katipunero mula ika-25 hanggang ika-27 ng Agosto at doon ay makikita ang lugar na tinatawag bilang sitio banlat. nababanggit ang mga lugar gaya ng Kalookan, Balintawak, Banlat at Pasong Tamo.Maging sa mga mapa na ginawa ng mga Amerikano ay makikita ang Kalookan at Balintawak ngunit hindi nabanggit ang mga lugar gaya ng Daang Malalim, Kangkong at Pugad Lawin.

Sa pananaliksik nila Milagros Guerrero at iba pang mga historyador ay kanilang ipinalagay na ang Pugad Lawin ay hindi naging pangalan ng kahit anupamang mga lugar at nagamit lamang sa mga babasahin noong 1928.Kung kaya't ipinalagay niya na mas mainam na gamtin ang *Cry of Balintawak* kaysa sa *Cry of Pugad Lawin*

kung pagbabatayan ang toponomiya[10]. Sa mga mapa na ginawa noong 1943,1987, at 1990 ay makikita ang lugar na tinatawag na Bahay Torro ngunit wala sa mapa ang Pugad Lawin.Makikita din sa mga mapa na ang Balintawak na siyang pinagdausan ng mga pagpupulong nila Bonifacio at mga Katipunero ay nakahiwalay sa Kalookan(Caloocan).

Ayon naman sa unang kabanata na may pamagat na *The Revolution of 1896* sa aklat ni Pangulong Emilio Aguinaldo na *True Version of the Philippine Revolution* ay kanyang sinabi na nagsimula ang himagsikan noong ika-26 at ika-30 ng Agosto 1896 na unti-unting kumalat mula sa Balintawak,Santa Mesa,Maynila, hanggang sa Kawit, Noveleta, San Francisco de Malabon at iba pang bahagi ng bansa.[11]

Ngunit sa mga unang bahagi ng konstitusyon ng Biak na Bato noong 1897 ay makikita ang isang pahayag na nagsasaad na noong ika-24 ng Agosto 1896 ay opisyal na pinutol ng mga Pilipino ang ugnayan nito sa Espanya at nagsimulang maghimagsik laban sa mga Kastila.Sinusugan din ng mga liham na natanggap ni Emilio Aguinaldo na nagmula mismo sa Supremo na nagsasaad na magkakaroon ng isang pangkalahatang pagpupulong ang Katipunanna gaganapin sa ika-24 ng Agosto sa kaarawan ng kapistahan ng San Bartolome sa Malabon, Tambobong.Malinaw na nakasaad sa sulat na ang supremo ay nasa Balintawak noong mga panahon na iyon at nakasaad din sa sulat na sabay-sabay na sasalakayin ng mga Katipunero ang Maynila partikular na ang Intramuros at ang pagpatay ng mga ilaw sa luneta ang magsisilbing hudyat ng pagsalakay[12].

Ayon kina Milagros Guerero, Emmanuel Encarnacion, at Ramon Villegas sa kanilang artikulo ay kanilang iginiit na ang *Cry of Pugad Lawin* ay bunga ng mga serye ng misinterpretasyon sa mga batis at

[10]Milagros Guerrero, Emmanuel Encarnacion, et.al. *Balintawak: the Cry for a Nationwide Revolution*, (Sulyap Kultura 2, National Commission for Culture and the Arts, 1996).

[11]Emilio Aguinaldo, *True Version of the Philippine Revolution*, (University of Michigan, 1899), Pah. 1-4.

[12]Emilio Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, (National Centenial Commission. Cavite Historical Society, 1998), Pah. 57-73.

pagsasawalang bahala sa mga batis na maitututring bilang *authentic* at nagsilbi bilang *historical fact* sa mahabang panahon.Iginiit din niya na ang mga kaganapan at pagpupulong ay naganap sa Balintawak na isang *barrio*.Ngunit sa kanilang artikulo ay isinaad na mas marapat na gunitain ang *Cry of Balintawak* tuwing ika-24 ng Agosto.Ang araw na kung saan naitatag ang isang pamahalaang mapanghimagsik na mayroong mga halal na mga opisyal na siyang nagpasinaya sa pagsisimula ng himagsikan para sa kalayaan.Kanila ding iginiit na mas mainam na gunitain ang pagkakatatag ng isang nasyon matapos ang mahabang panahon ng pag-iral bilang isang kolonya[13].

Sinusugan din ito ni Jim Richardson sa kanyang aklat na *The Light of Liberty* kaniyang sinabi na sa mismong dokumentong *Borador ng Pulong ng Kataastaasang Sanggunian*[14] ay malinaw na isinaad na nagkaroon ng pagpupulong ang mga matataas na opisyal ng Katipunan noong ika-24 ng Agosto ngunit sa nasabing dokumento ay sinadyang hindi ilagay kung saan ito naganap upang ingatan ang mga Katipunero sakaling makuha ang dokumentong ito ng mga Kastila.Idinagdag pa ni Ruchardson na mahalaga ding talakayin ang mga tao at kanilang propesyon at trabaho sa pagresolba sa kontrobersya.Ang kanyang naging batis ay ang panayam kay Guillermo Masangkay ng pahayagang Bagong Buhay noong 1952 kung saan mayroong limampu't anim katao na nasa Balintawak bago ang naging engwentro ng mga *Guardia Civil* at Katipunero at sinasabing tatlo sa mga taong sumama sa pagtitipon sa Balintawak ay posibleng mga espiya ng mga Kastila sapagkat sila ay nagtatrabaho sa Pamahalaang Kastila.

Pinatunayan ng kontrobersya ukol sa unang sigaw ng himagsikan na ang disiplina ng Kasaysayan ay napakahalaga hindi lamang sa larangan ng akademya patikular na sa agham-panlipunan bagkus ay pati na rin sa pagbubuo ng *collective memory* at paglikha

---

[13]Milagros Guerrero, Emmanuel Encarnacion, et. al. *Balintawak: the Cry for a Nationwide Revolution*, (Sulyap Kultura 2, National Commission for Culture and the Arts, 1996).

[14]Jim Richardson, The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan 1892-1897, (Ateneo de Manila University Press, 2013), Pah. 259-267.

ng imahe at pagkakakilanlan ng isang bansa.Ang pagbibigay ng pansin ng mga Pilipino sa kontrobersyang ito ang siyang patuloy na magpapaalala sa mga kaganapan noong himagsikan noong 1896 kung saan maituturing na sa unang pagkakataon ay nalikha ang isang pamahalaang pinamumunuan ng mga Pilipino na siyang nagpasyang gumawa ng hakbang para sa kinabukasan ng kanyang mamayan. Pinatutunayan lamang nito na patuloy na hahamunin ng mga historyador ang mga itinuturing na *historical facts* upang maihayag sa mga mamayan ang Kasaysayan ng bayan.

## Teorya at metodolohiyang ginamit sa aklat

Ginamit ng may-akda ang pananaw at ideya ukol sa postibismo at makikita sa akda ang kanyang mahigpit na pagkiling sa ideya na ang bawat *claim* ay dapat masuportahan ng iba pang mga batis at *authentic* na dokumento.Sa aklat makikita at mapapansin na lubos na binibigyang kritika at pinupuna ni Buehler ang historyador na si Teodoro Agoncillo dahil sa pagbalewala nito sa iba pang mga batis upang kilingan at kaagad na paniwalaan ang mga pahayag ni Pio Valenzuela kahit na wala ng iba pang kontemporaryong batis na sumusuporta sa kanyang pahayag.Iginiit pa ni Buehler na mas mainam kung maraming kontemporaryong batis na sumusuporta sa isang *claim* o *thesis* ng isang historyador. Sinusugan ni Buehler ang paggamit sa mga okumento at batis mula sa kanyang Lolo na si Guillermo Masangkay isang Katipunero na nagsilbi bilang *eyewitness* sa mga kaganapan sa Balintawak at isa sa mga pinagkakatiwalaang katuwang ni Bonifacio na kanyang inatasan na magbantay at magparusa sa mga Katipunero na magtataksil sa kilusan at minsang nautusan na patayin si Tomas Remigio na nakaalitan ni Bonifacio dahil sa isyu ng pagpapa-utang nito ng ilang salapi na gagamitin sana sa pagbili ng mg armas para sa himagsika sa mga kasapi ng Katipunan na nangangailangan.Ayon kay Buehler bilang kabahagi ng isang lihim na paksyon sa Katipunan ay nabigyan ng pagkakataon si Masangkay upang magkaroon ng kaalaman ukol sa sa mga sensitibong usapin sa loob ng kilusan.

Ginamit ni Buehler ang *Textual Analysis* sa mga dokumento at batis na maaring maging ebidensya sa pagiging totoo ng *Cry of*

*Balintawak.* Sa pamamagitan din ng *Textual Analysis* ay binigyan ng may-akda ng analisis ang mga batis at ang mga dokumento at pahayag ng mga *eyewitness* sa mga kaganapan mula ika-22 hanggang ika-26 ng Agosto taong 1896 kung saan nagtipon-tipon ang mga Katipunero sa iba't-ibang lugar sa Kalookan at sa Balintawak.Inilagay din ng may-akda ang mga artikulo mula sa mga peryodiko na naisulat noong mga unang bahagi ng himagsikang Pilipino laban sa mga kastila. Isinama niya rin sa aklat at ginawan ng talahanayan ng mga mga pagpupulong na isinagawa ng mga katipunero at ang pook at petsa nito at sa kung sinong historyador o personalidad nanggaling ang bersyong iyon.Naglagay din ang may-akda ng *transcript* ng mga panayam na isinagawa ng mga naunang historyador gaya nina Teodoro Agoncillo.Ilan sa mga iyon ay ang panayam ni Agoncillo kay Guillermo Masangkay.Gumamit ng iba't-ibang dokumento si Buehler gaya ng mga dokumento at accounts mula kina Guillermo Masangkay, Pio Valenzuela, Francisco Carreon, Tomas Remigio at Vicente Samson.Ginamit din niya ang mga dokumento na may petsang ika-27 ng Agosto 1896 gaya ng *El Comercio* at *Pintos Telegram.*Isinama niya na rin sa kanyang aklat ang mga ulat nina Lt. Col. Olgedario Diaz at Manuel Sastron. Nang suriin ng may-akda ang ulat ni Lt..Col. Olgedario Diaz na isang kastilang *Guardia Civil* ay nalaman na hindi ito nagkaroon ng koroborasyon sa iba pang mga batis mula sa mga katipunero  at sa Pintos Telegram ay napagdesisyunan ni Buehler na hindi na isama ang ulat ni Lt. Col. Diaz.

Bago isama ni Buehler ang ilang mga dokumento ay sinuri niya ito at tiningnan kung mayroon itong koroborasyon sa iba pang mga dokumento na naisulat sa kaparehong panahon. Hindi na rin isinama ni Buehler ang mga dokumento na mula sa mga tsismis at sabi-sabi dahil hindi ito mapagkakatiwalaan at maari lamang magdulot ng kalituhan at magdulot ng maling interpretasyon sa mga kaganaapang sinusubukang talakayin at bigyang linaw ng may-akda. Ang lahat ng dokumentong nakasulat sa wikang Filipino at Kastila ay kanyang sinalin sa wikang ingles upang mas maunawaan ito mga mambabasa ng kanyang aklat.

Sa pagtalakay niya sa kanyang aklat ay mapapansin na sinimulan niya ito sa pagbibigay at pagkukuwento ukol sa *social milieu* ng kanyang

panahon kung saan tila nabigla at hinamon ni Teodoro Agoncillo ang lahat ng mga itinuturing na *Historical Fact* sa kanyang panahon.Matapos nito ay kanyang ikinuwento ang taunang selebrasyon at pagdiriwang ng anibersaryo ng pagsisimula ng himagsikan kung saan nagtitipon-tipon ang mga beterano ng himagsikan at ang samahan na Labi ng Katipunan (Survivors of the Katipunan). Sa pamamagitan nito ay kanyang pinalawig ang punto kung bakit kinakailangang pagtuunan ng pansin ng mga historyador ang isyu ukol sa unang sigaw ng himagsikan. Iginiit niya na ang mala-pistang selebrasyong iyon ay nagpapatunay na isang napakahalagang kaganapan sa ating kasaysayan ang Unang sigaw ng himagsikan na siyang naghudyat ng pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa kalayaan at sa pagbubuo ng isang nasyon at bansa.Inihayag niya na ang esensya ng himagsikan ay patuloy na ginugunita at magpahanggang sa kasalukuyan ay mayroon pa ring saysay at esensya para sa mga Pilipino sa kasalukuyan na siyang nagkamit ng kalayaang ipinaglaban ng mga Pilipino noong panahon ng himagsikan para sa kasalukuyan.

Sa kanyang pagtalakay ay inuna niya munang talakayin ang *Historical claim* ni Teodoro Agoncillo ukol sa *Cry of Pugad Lawin.* Matapos nito ay kanya itong binigyan ng *critique* at ipinaliwanag kung bakit hindi maaring tanggapin ang *Cry of Pugad Lawin.* Nagpakita din siya ng mga larawan ng mga katipunero at kanilang mga pagpupulong at mga *cartographic map* na kanyang personal na nakita at nahawakan dahil ito ay nagmula sa mga koleksyon ni Guillermo Masangkay at ang ilan naman ay galling sa mga arkibo upang pasinungalingan ang *claim* ni Agoncillo. Matapos nito kanya namang sinuri ang kredibilidad ni Pio Valenzuela bilang isang *eyewitness* at ang kanyang mga dokumento bilang batis. Dito iginiit ni Buehler na marapat na sumuri iba pang mga batis na naisulat sa panahong isinasalaysay ni Valenzuela upang masuri at mapatunayang totoo ang kanyang mga pahayag. Matapos nito ay inihayag naman ni Buehler ang kanyang analisis ukol sa mga pahayag ni Agoncillo at ng mga katipunero gaya nina Pio Valenzuela, Bricio Brigido Pantas, at Cipriano Pacheco.

## Analisis

Sa pangkalahatan ay masasabing naging mahusay ang may-akda sa pagpapaliwanag at pagtalakay ng kanyang mga punto sa kanyang aklat. Pinatibay at binigyang kalakasan ang kanyang mga *claim* gamit ang mga primaryang batis at kinonsulta ang ilang mga sekundaryang batis upang suriin at maging gabay sa kanyang pananaliksik karamihan sa mga sekundaryang batis ay mga naunang pananaliksik na isinagawa ng iba pang mga mananaliksik. Sa ganitong paraan ay masasabi kong naging mahusay ang may-akda sapagkat naging malaliman at komprehensibo ang kanyang pananaliksik.Naging *Archival* ang kanyang pananaliksik bukod pa sa mga dokumento mula sa mga arkibo ay gumamit din siya ng diyaryo at peryodiko upang subukang i-*corroborate* ang mga pahayag ng mga *eyewitness.*

Humanga ako sa may-akda sapagkat masasabing naglaan siya ng oras at kalakasan upang makapagbigay ng kalinawan at ukol sa isang isyu ukol sa eksaktong lugar at petsa ng unang sigaw ng himagsikan na patuloy na pinagdedebatehan ng mga historyador hanggang sa kasalukuyan. Ipinakita ni Buehler sa kanyang aklat ang esensya ng disiplina ng Kasaysayan na ito ay isang *factual* na disiplina na nangangailangan ng matibay na ebidensya at malalim na pagsusuri sa mga isyu at mga paksang tinatalakay nito.Pinatunayan niya rin na ang mga mananaliksik at mga mag-aaral ng Kasaysayan ay hindi kaagad naniniwala sa mga tsismis at mga sabi-sabi at lalong hindi ito ginagamit bilang isang batis para sa mga pananaliksik.

Ipinakita din niya na ang Kasaysayan ay isang disiplinang pang-akademiko at siyentipiko sapagkat mayroong metodo at mga pamamaraan ang Kasaysayan sa pananaliksik at ito ay dapat sundin at maging bahagi ng pamamaraan ng pananaliksik ng isang mag-aaral ng Kasaysayan. Sa aklat ay mapapansin ang pagkiling ni Buehler sa positibismo at ito ay makikita sa paggamit at pagkiling niya sa mga nahahawakan at nakikitang dokumento kaysa sa mga *transcript* ng mga panayam sa mga *eyewitness.*Sa ganitong paraan ay naipakita na patuloy pa rin ang pagsasabuhay ng mga historyador sa kanilang tradisyunal na pamamaraan ng pananaliksik sa Kasaysayan. Mainam ang pamamaraang ito ni Buehler sapagkat ang isyung kanyang tinatalakay

ay kontrobersyal at isang mahalagang kaganapan sa Kasaysayan ng bansa na dapat mabigyan ng kaukulang pansin at panahon ng mga Pilipino mula sa loob at labas ng akademya.

Sa kanyang aklat ay naipakita niya ang aktibong pakikilahok ng mga historyador at mga mananaliksik sa mga isyu at usapin ukol sa Kasaysayan at dahil doon ay nagkakaroon ng iba't-ibang kulay at timpla ang historiograpiyang Pilipino.Idagdag pa rito ang pagkakaroon ng tila pamumulitika sa loob ng akademya na kinasasangkutan ng ilang mga historyador at mga propesyunal.Ngunit ipinakita ng may-akda na maraming mga akademiko na patuloy na inihihiwalay ang mga isyu at pamumulitika upang pagtuunan ng pansin ang mismong disiplina ng Kasaysayan. Sa aklat ay makikita at mapapansin ang implikasyon at koneksyon ng mga isyung pang-kasaysayan sa pangkalahatang kamalayan ng bayan. Sa aklat ay binanggit ang naging malawakang epekto ng mga pahayag ni Pio Valenzuela at *Historical Claim* ni Agoncillo sa pambansang kamalayan at *collective memory* ng mga mamayan sa bansa.

Matatandaang dahil sa mga pagbabagong ito'y nabigyan ng bagong pananaw at kamalayan ang mga Pilipino dahil sa paglipat ng araw ng paggunita sa pagsisimula ng himagsikan at ang pagbabagong bihis ng monumento at *historical plaque* o *marker* alinsunod sa mga pahayag ni Teodoro Agoncillo at ng iba pa. Sa ganitong paraan ay masasabi na mayroong malaking gampanin ang isang historyador hindi lamang sa loob ng akademya bagkus ay pati na rin sa kanyang bayan. Ngunit sa mismong aktibong pagpapalitan ng mga kritika at pagkakaroon ng diskurso ng mga historyador sa aklat ay masasabing patuloy na ginagampanan ng mga historyador ang silbi at saysay nito sa bayan. Sa pamamagitan kasi ng kanilang talastasan ay napapaunlad ang historiograpiyang Pilipino at nabubuo ang isang epistemikong komunidad na naglalayon na patuloy na magbigay ng kasagutan at kalinawan sa tanong at isyu upang mailahad ito ng mas maayos at mabigyan ng kamalayan ang mga mamayan ng bansa.

Ang aklat ay may dalawang daan at walong (208) pahina ngunit nagawa nitong ipaabot at ipaliwanag ang nais nitong sabihin at nakapaglaan pa ito ng ilang pahina para sa *transcript* ng mga panayam

at para sa mga dokumento. Ang aklat ay nagsalin ng mga dokumento mula sa orihinal nitong teksto na naksulat sa wikang Filipino at Kastila patungo sa wikang Ingles bagamat ang layunin nito ay upang mas madaling maunawaan ng mga mananaliksik ang mga dokumento ay maaring mayroong mga nawalang ideya at mensheng nais iparating dahil sa kanyang pagsasalin. Masasabi kasing ang pagsasalin ng mga sulat o mga dokumento sa ibang wika o lengguwahe ay isang pamamaraan ng interpretasyon.

Ayon kay Fr. Jose Arcilla S.J. sa kanyang *review* sa aklat ni Buehler ay kanyang ipinunto na bagamat may kakayahan si Buehler na magsalin at makaunawa ng ibang lengguwahe ay hindi niya maiiwasang magkaroon siya ng maling interpretasyon sa kanyang pagsasalin ng mga dokumento.Bagamat pinuri naman niya ang paghamon ni Buehler sa mga pahayag ni Teodoro Agoncillo at iginiit niya na naging mahusay ang pamamaraan ng pananaliksik ni Buehler.

Ang aklat ay isang mahusay na sekundaryang batis at gabay sa mga pananaliksik na isasagawa sa kaugnay na paksa sa hinaharap. Mainam na maging gabay ang aklat sa paraan ng pagsusuri at pagbibigay ng imterpretasyon sa mga batis pangkasaysayan at maari din itong magbigay ng ideya tungkol sa mga primaryang batis at mga dokumento na maaring makatulong sa mga mag-aaral at mananaliksik. Malaki ang magiging ambag ng aklat sa pagbibigay ng linaw at kongklusyon ukol sa kontrobersya sa unang sigaw ng himagsikan dahil sa pagiging komprehensibo ng aklat at dahil ninanais din ng may-akda na makatulong sa pagresolba sa nasabing kontrobersya. Ang aklat ay aking inererekomenda hindi lamang para sa mga mag-aaral ng Kasaysayan bagkus ay pati na rin sa mga tao na may interes sa Kasaysayan dahil makakatulong ang aklat sa pagpalawig ng kaalaman ng bawat isa at upang gunitain at alalahanin ang isang napakahalagang yugto at kaganapan sa ating Kasaysayan.

## MGA SANGGUNIAN

Agoncillo, Teodoro. *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan,* University of the Philippines Press,1996.

Aguinaldo, Emilio. *True Version of the Philippine Revolution*, University of Michigan, 1899.

------. *Mga Gunita ng Himagsikan*, (National Centenial Commission. Cavite Historical Society, 1998.

Alvarez, Santiago V., Paula Carolina S. Malay, and Ruby R. Paredes. *Recalling the Revolution: Memoirs of a Filipino General,* Center for Southeast Asian Studies, University of Wisconsin–Madison, 1992.

------. *The Katipunan and the revolution: memoirs of a general with the original Tagalog text,* Ateneo de Manila University Press, 1992.

Borromeo-Buehler, Soledad. *The Cry of Balintawak: a contrived controversy : a textual analysis with appended documents,* Ateneo de Manila University Press, 1998.

Medina, Isagani and Carlos Ronquillo. "Ilang talata tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-97". University of the Philippines Press, 1996.

National Historical Institute. *Minutes of the Katipunan*, National Historical Institute 1978.

Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan 1892-1897*, Ateneo de Manila University Press, 2013.

Zaide, Gregorio F. *Documentary Sources in Philppine History Vol.8*, National Book Store, 1990.

------. *The Philippine Revolution*, The Modern Company, 1968

## Mga Artikulo

Arcilla, Jose S. J. "Review on The Cry of Balintawak: A Contrived Controversy by Soledad Borromeo-Buehler," *Philippine Studies, vol. 47, no. 4,* Ateneo de Manila University, 1999.

Guerrero, Milagros, Emmanuel Encarnacion, and Ramon Villegas. "Balintawak: the Cry for a Nationwide Revolution," *Sulyap Kultura, 2*, National Commission for Culture and the Arts, 1996.

Misa, Arturo Ma. "The Story behind the Cry of Balintawak," Philippine Free Press, 1956.

The Corpuz Juriz. *1897 Biac-na-Bato Constitution* (2017).

Zafra, Nicolas P. "The Cry of Balintawak as Historical Problem," Historical Bulletin, IV:3, 1960.

Chua, Michael Charleston. "Balintawak Diaries: Ang mga unang araw ng himagsikan batay sa mga Katipon at historyador," GMA News Online, https://www.gmanetwork.com/news/opinion/content/534099/ang-mga-unang-araw-ng-himagsikan-batay-sa-mga-katipon-at-historyador/story/ (August 24, 2015)

## HINGGIL SA MAY AKDA

Si **Jeremiah Julian Montejo** ay nagtapos ng BA History sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Manila (PUP), Siya ay naging *intern* sa Armed Forces of the Philippines Museum sa Kampo Aguinaldo sa lungsod ng Quezon, Kasalukuyang *ingat-yaman* ng Caloocan Historical and Cultural Studies Association. Kasamang may-akda at Kasamang patnugot ng aklat na Metodolohiyang Pangkasaysayan (2019). Nakatuon ang kanyang pananaliksik sa Kasaysayan ng bansang Hapon, Kasaysayang Pang- Militar at sa Kasaysayan ng mga Kilusang Popular at milenaryan sa Pilipinas.